



California's protection & advocacy system

Karapatang Humiling ng Pagdinig sa Bahay

Setyembre 2018, Pub #5485.08 - Tagalog

Kung humiling ka ng isang Makatarungang Pagdinig ng Estado ng California at hindi ka maaaring dumalo sa pagdinig sa itinalagang lokasyon sa county dahil sa medikal, pisikal, limitasyon sa transportasyon o iba pang kadahilanan, maaari kang humiling ng isang pagdinig sa bahay. "Kung ang naghahabol ay hindi makakadalo sa pagdinig sa lokasyon ng pagdinig para sa mga kadahilanang hindi magandang lagay ng kalusugan, ang pagdinig ay gaganapin sa bahay ng naghahabol o sa ibang lugar na sinang-ayunan ng county at ng naghahabol."

Paanong Humiling ng isang Pagdinig sa Bahay:

Kapag nakatanggap ka ng abiso ng aksyon na hindi mo sinasang-ayunan, maaari kang umapela at humiling ng isang makatarungang pagdinig ng estado. Maaari mong gawin ang iyong hiling ng isang pagdinig sa bahay kung ikaw ay humihiling ng isang makatarungang pagdinig ng estado. Ipaliwanag ang dahilan kung bakit mo kailangan ang isang pagdinig sa bahay at anumang mga pagpapatunay na nagpapaliwanag ng iyong pangangailangan ng isang pagdinig sa bahay. Kung hindi ka magpasa ng isang pagpapatunay hihilingan ka ng estado na suportahan ang iyong dahilan kung bakit hindi ka makakadalo sa isang pagdinig sa isang itinalagang lokasyon ng pagdinig.

-Kung hindi ka humiling ng isang pagdinig sa bahay kung humiling ka ng isang makatarungang pagdinig ng estado, maaari mong tawagan ang California Public Inquiry and Response Unit (Public Inquiry) sa (800) 952-5253 upang humiling ng isang pagdinig sa bahay. Kung ang Public Inquiry ay nagsasabi ng hindi o hindi sila tumugon, maaari kang makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng pagdinig at hilingin

na makipag-usap sa presiding judge para sa regional hearing office sa iyong lugar hinggil sa iyong kahilingan para sa isang pagdinig sa bahay:

Northern Valley Office (NVO)
Karlen Harmison, Presiding Judge
744 P Street, MS 19-44, Sacramento, CA 95814-5512
Telepono: (916) 651-0927
Toll free line: (866) 538-2431
FAX: (916) 651-2737

Los Angeles Regional Office (LARO)
Dora Luna, Presiding Judge
744 P Street, MS 28-01, Sacramento, CA 95814-5512
Telepono: (213) 833-2200
Toll free line: (866) 708-0792
FAX: (213) 833-2230

San Diego Regional Office (SDRO)
Anthony Gurrola, Presiding Judge
744 P Street, MS 28-03, Sacramento, CA 95814-5512
Telepono: (760) 510-4999
Toll free line: (866) 388-4427
FAX: (760) 510-4998

Nais namin makarinig sa inyo! Mangyaring kumpletuhin ang sumusunod na survey tungkol sa iyong mga pahayagan at sabihin sa amin ang aming pagganap! [\[Sagutan ang Survey\]](#)

Para sa tulong lega tawagan ang 800-776-5746 o kumpletuhin ang [humiling ng assistance form](#). Para sa lahat ng iba pang mga layunin tawagan ang 916-504-5800 (Northern CA); 213-213-8000 (Southern CA).

Ang Mga Karapatan ng May Kapansanan sa California ay pinopondohan ng ibat-ibang mga pinagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa <http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html>.